Republic of the Philippines
# Department of Education
SCHOOLS DIVISION OF MARINDUQUE

DEPARTMENT OF EDUCATION
RECORDS SECTION, SDO MARINDUQUE
RELEASED
006468
By: ______ Date: AUG 06 2025 Time: ______

**Office of the Schools Division Superintendent**

**PANDIBISYONG MEMORANDUM**
CID-2025-028

**Para sa:** Kawaksing Tagapamanihala ng mga Paaralang Bayan
Punong Superbisor, CID/SGOD
Tagamasid Pansangay
Tagamasid Pampurok
Pinuno ng mga Paaralan
At Iba Pang Kinauukulan

**Buhat kay:** **LYNN G. MENDOZA, EdD**
Tagapamanihala ng mga Paaralang Bayan

**Paksa:** **PAGDIRIWANG NG BUWAN NG WIKANG PAMBANSA 2025**

**Petsa:** Agosto 5, 2025

1. Kalakip ng Memorandum na ito ang Panrehiyong Memorandum Blg. 96, s. 2025 na may pamagat na Pagdiriwang ng Buwan ng Wikang Pambansa 2025 para sa kabatiran ng lahat.

2. Bilang pakikibahagi sa pagdiriwang, ang SDO Marinduque ay magsasagawa ng mga sumusunod na gawain sa :

   a. Usapang Filipino Sign Language Para sa Pagbabago ng Klima tuwing Lunes bilang bahagi ng konbokasyon;
   b. Pagpapatugtog ng mga Awiting – Bayan at Tradisyunal na Musika sa buong opisina; at
   c. Masining na pagtatanghal ng mga awiting -bayan /tradisyunal na awitin ng bawat seksyon – Agosto 29, 2025 suot ang angkop na kasuotang Pilipino.
      - Curriculum Implementation Division - Team
      - School Governance and Operations Division – Health Team
      - School Governance and Operations Division – Other Team
      - OSDS Team
      - Admin Team

3. Gayundin naman, hinihikayat ang lahat ng mga paaralan na idokumento at iulat ang kanilang mga isinagawang aktibidad at ibahagi ito sa kanilang mga opisyal na platform katulad ng nasasad sa Talata Blg. 7 ng memorandum na ito.

4. Hinihiling ang maagap at malawakang pagpapalaganap ng Memorandum na ito.


**Address:** T. Roque St., Malusak, Boac,.Marinduque
**Tel. No.:** (042) 754-0247 •Fax No.: (042) 332-1611
**Email:** marinduque@deped.gov.ph
**Website:** https://depedmarinduque.com

Republic of the Philippines
Department of Education
MIMAROPA REGION

DEPARTMENT OF EDUCATION
RECORDS SECTION REGIONAL OFFICE NO.
RELEASED
3823
By: Date: 7/31/25

Tanggapan ng Panrehiyong Direktor

July 31, 2025

**PANREHIYUNAL NA MEMORANDUM**
Blg. 96, s. 2025

**PAGDIRIWANG NG BUWAN NG WIKANG PAMBANSA 2025**

Sa **Kawaksing Panrehiyong Direktor**
**Tagapamanihala ng mga Paaralang Pansangay**
**Punong Tagapamahala ng Edukasyon, CLMD at CID**
**At iba pang kinauukulan**

1. Ang Kagawaran ng Edukasyon – Rehiyon ng MIMAROPA, sa pamamagitan ng Sangay ng Pamamahala sa Kurikulum at Pagkatuto, ay nakikiisa sa taunang pagdiriwang ng Buwan ng Wikang Pambansa 2025 na may temang, **"Paglinang sa Filipino at Katutubong Wika: Makasaysayan sa Pagkakaisa ng Bansa,"** alinsunod sa itinakdang Pampanguluhang Proklamasyon Blg. 1041, s. 1997, at sa pangunguna ng Komisyon sa Wikang Filipino (KWF).

2. Layunin ng pagdiriwang ng Buwan ng Wikang Pambansa ang mga sumusunod:
   a. Ganap na maipatupad ang Pampanguluhang Proklamasyon Blg. 1041, s. 1997;
   b. Maiangat ang kamalayan ng mga mamamayang Pilipino hinggil sa wika at sa kasaysayan nito;
   c. Mahikayat ang iba't ibang ahensiyang pampamahalaan at pribado na makiisa sa mga programang nagpapataas ng kamalayang pangwika at sibiko;
   d. Maganyak ang mga mamamayang Pilipino na pahalagahan ang mga wika ng Pilipinas sa pamamagitan ng aktibong pakikilahok sa mga gawain kaugnay ng Buwan ng Wikang Pambansa; at
   e. Maipakilala sa mga mamamayang Pilipino ang Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) bilang ahensiyang pampamahalaan na nangangalaga sa mga wika ng Pilipinas sa pamamagitan ng mga programang pangwika nito.

3. Samantala, narito ang sumusunod na Lingguhang Tema para sa buong buwan ng Agosto 2025:

| PETSA | PAKSA |
|---|---|
| Agosto 3-9 | Gampanin ng Filipino Sign Language (FSL) sa Pagbabago ng Klima |
| Agosto 10-16 | Pagtataguyod ng Literasi sa Wikang Filipino: Hakbang Tungo sa Maunlad na Buhay |
| Agosto 17-23 | Wika ng Kasaysayan, Kasaysayan ng Wika: Pagkakaisa sa Pagkakaiba |

CLMD/JAFR

| | |
|---|---|
| Agosto 24-30 | Filipino at Wikang Katutubo: Wika ng Malayang Pamamahayag |

4. Hinihikayat ang lahat ng Tanggapan at Paaralan ng Kagawaran ng Edukasyon – Rehiyon ng MIMAROPA na aktibong makibahagi sa pagdiriwang ng Buwan ng Wikang Pambansa sa pamamagitan ng paggamit ng wikang Filipino sa lahat ng ugnayang pormal gaya ng mga pulong, programa, at iba pang opisyal na gawain sa buong buwan ng Agosto.

5. Bilang bahagi ng selebrasyon, maaaring magsagawa ng mga gawaing nagpapayabong sa kamalayan at pagpapahalaga sa wikang Filipino at mga katutubong wika, tulad ng:
   - Pagpaparinig ng mga awiting bayan at tradisyunal na musika;
   - Pagsasagawa ng mga talakayang pampanitikan at pananaliksik;
   - Mga patimpalak sa pagsulat, pagbigkas ng tula, sabayang pag-awit, at malikhaing pagtatanghal; at
   - Iba pang aktibidad na nagpapayaman sa kulturang Pilipino at nagpapalalim ng pag-unawa sa kahalagahan ng ating mga wika.

6. Inaasahan na ang bawat sangay, tanggapan, at paaralan ay magsasagawa ng mga aktibidad na naaayon sa kanilang kagustuhan, kakayahan, at lokal na konteksto. Mariing ipinagbabawal ang anumang magarbong paggastos, paniningil ng kontribusyon mula sa mga mag-aaral, o pag-aabono ng mga guro para sa mga gawaing kaugnay ng pagdiriwang.

7. Hinihikayat din ang lahat ng tanggapan at paaralan na idokumento at iulat ang kanilang mga isinagawang aktibidad at ibahagi ito sa kanilang mga opisyal na platform, gaya ng social media pages o websites ng paaralan o dibisyon, gamit ang mga sumusunod na hashtags: **#BuwanNgWika2025** **#NagniningningAngFilipinoSaMIMAROPA**

8. Para sa karagdagang detalye at impormasyon, maaaring makipag-ugnayan kina Wendell I. Formalejo, PhD, Punong Tagapamahala ng Edukasyon, CLMD, at Jeffrey Anthony F. Reyes, PhD, Superbisor sa Programang Edukasyon, CLMD, sa pamamagitan ng email: clmd.mimaroparegion@deped.gov.ph.

9. Hinihiling ang maagap at malawakang pagpapalaganap ng Memorandum na ito.

**NICOLAS T. CAPULONG, PhD, CESO III**
Direktor IV
Panrehiyong Direktor